



Pagtitipid ng Enerhiya para Tulungang Maiwasan ang
Mga Pagkaantala ng Serbisyo
Huling Na-update: 8/16/2020 nang 2 pm

Kabuuang-ideya

- Sa susunod na linggo, ang California at ang natitirang Kanlurang Baybayin ay mahaharap sa makasaysayang heatwave na magpupuwera sa aming energy grid.
- Upang maiwasan ang mga pansamantalang pagkawala ng kuryente, hinihiling ng mga estado na tulad ng California sa mga residente na bawasan ang paggamit ng enerhiya upang maiwasan ang mga pagkaantala ng serbisyo.
- Higit na mahalaga ang paglimita ng paggamit ng enerhiya mula 3 pm hanggang 10 pm. Nangangahulugan ito sa inyong air conditioning, pag-charge ng de-kuryenteng sasakyan at iba pang teknolohiyang gumagamit ng maraming enerhiya. Palamigin nang mabuti ang inyong tahanan magdamag at sa umaga upang manatiling malamig sa buong araw.
- Mag-sign up para makatanggap ng mga abiso mula sa Flex Alert mula sa inyong utility provider upang tulungan ang California na makatipid ng enerhiya sa mga oras na may stress sa grid.

Mga Madaling Aksyon na Magagawa Ninyo sa Bahay

- I-adjust ang Inyong Thermostat
 - I-set ang inyong thermostat sa 78° o mas mataas nang 3-10 pm.
 - Maagang palamigin ang inyong bahay sa pamamagitan ng pag-set sa mga thermostat sa 72° sa maagang bahagi ng araw (kung kailan mas mahusay ang paggana nito) at 78° o mas mataas pagkatapos ng 3 pm
 - Gumamit ng mga smart o napo-programang feature upang tumulong sa pagtitipid ng enerhiya kapag wala kayo sa bahay.
- Paggamit ng Malaking Appliance
 - Ipagpaliban ang paggamit ng malalaking appliance tulad ng oven, dishwasher, washer ng mga damit, hangga't wala pa ang mas malamig na mga oras sa araw.
 - Patakbuhan lamang ang inyong dishwasher at washer ng mga damit kapag puno.
 - Labhan ang mga damit sa malamig na tubig.
 - Linisin o palitan ang maruruming filter.
 - Ibaba ang inyong water heater sa 120° o sa "normal" na setting.
- Isara ang Mga Bintana at Pinto
 - Sa umaga bago magsimulang uminit sa araw na iyon, isara ang mga bintana at blinds upang hindi makapasok ang mainit na hangin.
 - Panatilihin sarado ang mga bintana at pinto upang maiwasang mawala ang pinalamig na hangin.
- Matalinong Paggamit ng Enerhiya
 - Patayin ang mga hindi kinakailangang ilaw.
 - Gumamit ng mga lamp na may mga LED sa halip na mga overhead na ilaw.
 - Paganahin ang "power management" sa lahat ng computer at patayin ito kapag hindi ginagamit.
 - Alisin sa pagkaka-plug ang mga charger ng telepono, power strip (ang mga walang switch) at iba pang gamit kapag hindi ginagamit.
- Mga Programa ng Pagtitipid
 - Pag-isipang sumali sa programa ng pagtugon sa demand ng inyong utility. Ang mga boluntaryong programa na ito ay maikli at pansamantalang mga hakbang upang bawasan ang paggamit ng enerhiya kapag masyadong mababa ang mga power supply at naglabas ng Flex Alert. Makipag-ugnayan sa inyong lokal na utility ng kuryente upang malaman ang tungkol sa programa ng inyong utility at mga insentibo na maaari nilang ibigay upang lumahok.

Magtipid ng Enerhiya sa Trabaho

- Ilaw
 - Patayin ang mga hindi kinakailangang ilaw sa opisina, at gumamit ng natural na liwanag kung maaari.
- Thermostat
 - Sa tag-init, i-set ang inyong thermostat sa 78° o mas mataas, kapag maaari.
- Iwasan ang Mga Pagtagas
 - Tingnan ang mga vent ng bintana upang matiyak na wala itong papel at iba pang mga dumi.
 - I-adjust ang blinds sa mga bintana na nakatanggap ng direktang liwanag ng araw.
 - Panatilihin sarado ang mga bintana at pinto sa labas upang maiwasang mawala ang pinalamig o pinainit na hangin.
- Gamit
 - Patayin ang anumang gamit sa opisina na hindi kasalukuyang tinatanggap. Bilang alternatibo, gumamit ng mga sleep o power-saving mode sa mga paggamit sa umaga.
 - Paganahin ang mga setting ng power management sa lahat ng computer, para mag-sleep ito at patayin ang mga screen kapag hindi ginagamit.
- Break room
 - Alisin sa pagkaka-plug ang mga electronics tulad ng mga coffee-maker at microwave kapag hindi ginagamit at kapag tapos na ang araw.
- Pagtatapos ng Araw



Cal OES

GOVERNOR'S OFFICE
OF EMERGENCY SERVICES

- Sa pag-alis ninyo ng opisina, ugaliing tingnan upang matiyak na ganap na naka-shut down ang mga computer, printer/copier at iba pang gamit sa opisina. Kung maaari, patayin ang mga ito sa power strip upang matiyak na hindi na ito gumagamit ng enerhiya
- Mga Programa ng Pagtitipid
 - Pag-isipang mag-enroll sa boluntaryong programa ng pagtitipid ng inyong utility. Ang ganitong mga uri ng hakbang–kilala rin bilang mga programa sa pagtugon sa demand–ay maikli at pansamantalang mga paraan upang bawasan ng inyong utility ang pagkonsumo ng enerhiya kapag masyadong mababa ang mga power supply. Makipag-ugnayan sa inyong utility ng kuryente upang malaman pa ang tungkol sa programa ng inyong utility at mga insentibo na maaari nilang ibigay upang lumahok.

Mga Mada-download at Mga Resource

- National Weather Service – Tingnan ang mga bagong Dapat Bantayan, Babala o Mga Payo sa Lagay ng Panahon: <https://alerts.weather.gov/cap/ca.php?x=1>
- Cal ISO – Nada-download na graphics ng Flex Alert: <http://www.flexalert.org/news/logos-web-banners>
- Contingency sa Init at Power ng Estado ng California: <https://www.caloes.ca.gov/PlanningPreparednessSite/Documents/ExcessiveHeatContingencyPlan2014.pdf#search=heat%2520preparedness>
- Mga Resource ng Public Health para sa Labis na Init: https://www.cdph.ca.gov/Programs/EPO/Pages/Extreme%20Heat%20Pages/BI_Natural-Disasters_Extreme-Heat.aspx
- Red Flag at Mga Babala sa Lagay ng Panahon dahil sa Sunog: <https://www.fire.ca.gov/programs/communications/red-flag-warnings-fire-weather-watches/>

- Mga Dokumento ng Impormasyon mula sa CDC para sa mga madaling mapagod dahil sa init at madaling ma-stroke.
 - [Mga taong nasa edad na 65 at mas matanda | Espanyol \(en español\)](#)
 - [Mga sanggol at mga bata | Espanyol \(en español\)](#)
 - [Mga taong may mga hindi gumagaling na medikal na kondisyon | Espanyol \(en español\)](#)
 - [Mababa ang kita | Espanyol \(en español\)](#)
 - [Mga manggagawa na nasa labas | Espanyol \(en español\)](#)
 - [Mga Atleta | Espanyol \(en español\)](#)